


Aralin 13

# "Matakot Kayo sa Diyos"

*Lucas 12:4-7*

**Layunin:** *Pagkatapos ng araling ito…*

- *Makikita mong ang pagkatakot sa Diyos lang ang paraan upang mapawi ang lahat ng ating takot.*
- *Magkakaroon ka ng higit na pagkatakot na may pagtitiwala sa Diyos.*
- *Aalamin mo ang isang bagay na kinatatakutan mo kung susunod ka sa Diyos, at aalalahanin ang kanyang pangakong may kinalaman dito.*

## Panimula

1. Maaari mo bang ikuwento ang isang pangyayari kung saan ay sinuway mo ang utos ng Diyos dahil natatakot ka sa maaaring mangyari? Ano ang ikinatakot mo noon?

***Tulay sa Pag-aaral:*** Mayroon tayong iba't ibang kinatatakutan, pero kung ang bagay, tao, o pangyayaring kinatatakutan natin ay makahahadlang sa pagsunod natin sa Diyos, dapat panlabanan natin ito. Kasasabi lang ni Jesus sa kanyang mga alagad na mararanasan nilang ang paghihirap at kamatayan tulad ng mga ginawa sa mga propeta dahil sa kanilang pagsunod sa Diyos (11:47, 49; 12:11). Likas sa tao na matakot kung haharap sa pangyayaring tulad nito. Pero kung ang takot na ito ay hahadlang sa kanilang buong-loob na pagsunod, makakaapekto ito sa klase ng relasyon natin sa Diyos. Kaya pinaalalahanan sila ng Panginoong Jesus sa Lucas 12:4-7 ukol dito [Basahin].

## Pagsasaliksik

2. Basahin ang verse 4. Ano ang ipinapahiwatig ni Jesus nang tawagin niya silang "mga kaibigan" bago sabihing huwag silang matakot sa tao at sa kamatayan?
3. Ano ang sinabi niyang dahilan dito kung bakit hindi dapat katakutan ang mamamatay-tao? Tingnan din ang Mateo 10:28. Bakit ito magsisilbing pagpapalakas ng loob sa kanila?
4. Basahin ang verse 5. Sinabi niya ditong dapat katakutan ang Diyos sa halip na tao. Ano ang ipinapakita niyang koneksiyon ng takot sa Diyos sa takot sa tao?
5. Bakit dapat katakutan ang Diyos? Bakit niya ito sinasabi sa mga "disciples"? Para sa ating mga Cristiano na, ano ang ibig sabihin ng matakot sa Diyos?
6. Basahin ang verses 6-7. Ipinapakita dito na dapat tayong magtiwala sa Diyos sa halip na matakot sa anupamang bagay. Ano ang koneksiyon ng takot sa Diyos sa tiwala sa kanya?
7. Ano ang nais ipakita ni Jesus sa paggamit niya ng ilustrasyon tungkol sa maya?
8. Ayon kay Jesus, bakit tayo dapat magtiwala sa Diyos at hindi matakot sa anumang bagay? Kung matatakot tayo sa isang bagay at hindi susunod sa kanya dahil sa takot na ito, ano ang ipinapakita nito sa klase ng pagkakakilala natin sa kanya? Magbigay ng halimbawa o karanasan.
9. Sa isang pangungusap, ano ang nais ipahatid na mensahe sa iyo ng Panginoong Jesus ngayon, ayon sa napag-aralan natin?

## Pagsasabuhay

10. Ano ang isang bagay na kinatatakutan mong mangyari kung susunod ka sa ipinapagawa sa iyo ng Diyos? Ano sa tingin mo ang ipinapakita ng takot mong ito sa pagkakakilala mo sa Diyos at pagtitiwala sa kanya?
11. Doon sa kinatatakutan mong mangyari, anong pangako ng Diyos sa Bibliya ang aalalahanin mo upang mas manaig ang takot at tiwala mo sa Diyos?

**Assignment**

- Isaulo ang Lucas 12:4-7.